

| MATATAG K to10 Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan: | Visit DepEdResources.com for More | Baitang: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | MAKABANSA |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | JULY 29 – AUGUST 2, 2024 (WEEK 1) | Markahan: | 1 |


| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilallaman* | Nauunawaan na ang bawat tao ay may indibidwalidad (individuality) | | | |
| *B. Pamantayang Pagganap* | Naipapamalas na ang bawat tao ay may indibidwalidad | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Nailalarawan na ang bawat tao ay may iba't ibang:<br>a. Katangiang Pisikal | | | |
| *D. Mga Layunin* | 1. Natutukoy ang mga bahagi ng sariling katawan<br>2. Nailalarawan ang sariling katangiang pisikal<br>3. Naiuugnay ang sariling katangian sa mga natatalakay na bahagi ng katawan | 1. Natutukoy ang pangunahing gamit ng mga bahagi ng katawan<br>2. Nailalarawan ang pagkakapareho at pagkakaiba ng katangiang pisikal ng bawat isa<br>3. Napahahalagahan ang pagkakaiba ng katangiang pisikal ng bawat isa | 1. Nasasabi ang sariling pisikal na katangian<br>2. Naiuugnay ang mga pisikal na katangian ng sarili sa mga pisikal na katangian ng kanilang pamilya/kasama sa bahay<br>3. Naipahahayag ang damdamin at pagpapahalaga sa pagkakaroon ng natatanging(unique) katangiang pisikal | 1. Nasasabi ang mga sariling katangiang pisikal na may kinalaman sa pagiging Pilipino<br>2. Nakabibigkas ng tulang nagbibigay halaga sa sariling katangian<br>3. Naipagmamalaki ang pagkakaroon ng natatanging katangiang pisikal bilang isang Pilipino |


| II. NILALAMAN/PAKSA | BAWAT TAO AY MAY IBA'T IBANG KATANGIANG PISIKAL | | | |
|---|---|---|---|---|
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | MATATAG K to 10 Curriculum Makabansa Baitang 1 | | | |
| *B. Iba pang Kagamitan* | laptop, coloring materials, pandikit (glue at paper tape), AVP (TV at speaker), gunting, colored papers, flaglets (red and green), metacards, manila paper | | | |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Panimulang Gawain* | Kantahin ang “Paa, Tuhod, Balikat, Ulo” kasabay ng karampatang aksiyon sa kanta.<br>**Mga Tanong:**<br>1. Nasaan ang iyong ulo? balikat? tuhod? paa?<br>2. Anong bahagi ng katawan ang nakikita sa ulo?<br>3. Pare-pareho ba kayong mayroong mata? Pareho ba ang hugis ng inyong mga mata? (itanong gamit ang ibang bahagi, hal. ilong, bibig, tainga, buhok) | Balik-aral: Kantahin ang localized/English/ Filipino na bersyon ng awiting may kilos na “Paa, Tuhod, Balikat, Ulo”<br>**Mga Tanong:**<br>1. Nasaan ang tuhod?<br>2. Ano ang ibang tawag ninyo sa tuhod?<br>Para malaman kung may mga ibang wikang gamit ang mga mag- aaral<br>3. Ano ang gamit ng inyong paa? | **Parada sa Salamin:**<br>Mayroong salamin dito sa harapan. Dumaan kayong lahat dito. Isipin ninyo kung sino sa mga kasama ninyo sa bahay ang kapareho mo ng buhok, mata, ilong, bibig, tainga, balat, tangkad, at hugis ng katawan.<br>(Magpatugtog ng musikang maaaring sabayan ng mga mag-aaral)<br>Pagbabahagi sa loob ng 5 minuto<br>Isusulat ng guro sa metacard/pisara ang ilang mga kasagutan ng mga ma- aaral. | Pag-awit: Lupang Hinirang<br>(Tatayo at ilalagay ang kamay sa dibdib. Maglalagay ng watawat ang guro sa harap.)<br>**Tandaan:** Mas maigi kung mayroong *audio-visual* na sasabayan ang mga mag-aaral.<br>Ipinapaalalang gumamit ng bidyo ng Lupang Hinirang na watawat lamang ang nakikita o kaya ay nakatayo lang ang mga tao sa bidyo.<br>**Mga Tanong:**<br>1. Kailan inaawit ang awiting ito?<br>2. Paano tayo nagpapakita ng paggalang sa ating watawat? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Tandaan**:<br><br>Kung mayroong naiiba ang katangian ng mga nabanggit na bahagi, ipaliwanag na hindi talaga pare-pareho ang lahat ng mga tao, dahil ang bawat isa ay natatangi. | | | 3. Ano ang ginamit mo upang ipakita ang paggalang mo sa watawat?<br><br>4. Bakit nilalagay sa dibdib ang kanang kamay habang inaawit ito? |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | **Mga layunin ng aralin:**<br><br>1. Natutukoy ang mga bahagi ng sariling katawan<br><br>2. Nailalarawan ang sariling katangiang pisikal<br><br>3. Naiuugnay ang sariling katangian sa mga natatalakay na bahagi ng katawan | **Mga layunin ng aralin:**<br><br>1. Natutukoy ang pangunahing gamit ng mga bahagi ng katawan<br><br>2. Nailalarawan ang pagkakapareho at pagkakaiba ng katangiang pisikal ng bawat isa<br><br>3. Napahahalagahan ang pagkakaiba ng katangiang pisikal ng bawat isa | **Mga layunin ng aralin:**<br><br>1. Nasasabi ang sariling pisikal na katangian<br><br>2. Naiuugnay ang mga pisikal na katangian ng sarili sa mga pisikal na katangian ng kanilang pamilya/kasama sa bahay<br><br>3. Naipahahayag ang damdamin at pagpapahalaga sa pagkakaroon ng natatanging(unique) katangiang pisikal | **Mga layunin ng aralin:**<br><br>1. Nasasabi ang mga sariling katangiang pisikal na may kinalaman sa pagiging Pilipino<br><br>2. Nakabibigkas ng tulang nagbibigay halaga sa sariling katangian<br><br>3. Naipagmamalaki ang pagkakaroon ng natatanging katangiang pisikal bilang isang Pilipino |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto*<br><br>*sa Aralin* | Ilarawan Mo!<br><br>1. Magpaskil ng larawan ng bata sa pisara at gamitin ito bilang *graphic organizer*.<br>2. Pangalanan ang mga bahagi ng katawan na pinanggalingan ng guhit. Sabihin ang katangian nito.<br>3. Habang nagbibigay ng katangian ang mga mag-aaral, isusulat ng guro sa parihaba ang mga pagsasalarawan ng mga ito sa bahagi ng katawan na itinuturo ng linya. Pagkatapos, babasahin ang mga salitang naisulat at ito ay susundan ng mga mag-aaral.<br>4. Gabayan din ang mga mag-aaral sa pagbuo ng pangungusap. | Akting Tayo!<br><br>Ano ang gamit ng bawat bahagi ng katawan na nabanggit?<br><br>Tukuyin ang gamit ng mga bahagi ng katawan sa pamamagitan ng pagpapakita ng aksyon kung paano ginagamit ang mga ito.<br><br>- Paa (panglakad)<br>- Tuhod (pangluhod)<br>- Balikat (pangbuhat, pangbalanse)<br>- Mata (pagtingin)<br>- Ilong (pang-amoy)<br>- Tainga (pandinig)<br>- Bibig (pagsalita, daanan ng pagkain)<br>- Kamay (panghawak, panlinis, etc.) | Basahin Mo!<br><br>Babasahin ko ang mga salitang nakasulat sa metacard o pisara. Susundan ninyo ang pagbasa.<br><br>(pagbasa kasama ang guro, isahan)<br><br>- Nanay<br>- Tatay<br>- Kuya<br>- Tita<br>- Tito<br>- Lola<br>- Lolo<br><br>**Tandaan**: Itatanong din kung may iba silang tawag sa mga nabanggit. | Buoin ang *puzzle*. (larawan ng batang Pilipino).<br><br><br><br>1. Ano ang inyong nabuo?<br>2. Sino ang imaheng nabuo? (batang Pilipino)<br>3. Katulad mo ba siya? Mayroon ba kayong pagkakapareho?<br>4. Maaari bang makita na Pilipino ka dahil sa iyong katangiang pisikal?<br><br>**Tandaan**: Para sa Tanong 4, kung may magsasabi tungkol sa mga may *interracial roots* o may dugong banyaga, dapat itong tanggapin at ipaliwanag na ang lahing Pilipino ay hindi *stereotypical* kundi depende sa kanilang pinagmulan.<br><br>Ang salitang mahalagang maipunto dito ay PILIPINO. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Halimbawa:<br><br>Ang buhok ko ay itim.<br><br><br><br>**Tandaan**: Siguraduhin na ang bibigyan nila ng katangian ay ang sariling bahagi ng kanilang katawan.<br><br>Babasahin ng guro at ipauulit sa mag-aaral ang mga maisusulat na salita. | | | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang*<br><br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | Buoin Mo!<br><br>1. Ituro ang bahagi ng mukha na sasabihin ko. Kunin ang tamang larawan na naituro at idikit ito sa pisara. | Pares kayo!<br><br>(think-pair-share)<br><br>Umupo kayo ng magkaharap. Tingnan ninyo ang mga bahagi ng katawan ng isa't isa at | Katulad ko!<br><br>Magbigay ng maiksing paglalarawan kung bakit kapareho mo ang iyong mga magulang o iba pang miyembro ng iyong pamilya. | Tula Mo, Tula Ko!<br><br>Ako ay isang batang **Pilipino**, Mahal ko ang bansang **Pilipinas**.<br><br>Ang buhok ko ay __________, ang ilong ko ay ___________. |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 2. Isulat ang pangalan ng larawan at gabayan ang mga mag-aaral sa pagbasa ng mga pangalan ng iba't ibang bahagi ng mukha.<br><br>(pagbasa kasama ang guro, isahan)<br><br><br><br>**Tandaan**: Sa bahaging ito, babalikan ng guro ang mga kulay at hugis. Pagkatapos itatanong ng guro ang mga hugis at bilang ng mga nakikitang bahagi ng mukha na nabuo. | sabihin kung ano ang pagkakapareho at pagkakaiba ninyo base sa sumusunod na katangian:<br><br>➢ Bilang<br>➢ Hugis<br>➢ Kulay<br>➢ Taas<br>➢ Gamit<br>➢ Laki | Halimbawa: Ang buhok ko ay kapareho ng nanay ko. Parehong unat ang aming buhok.<br><br>**Mga tanong:**<br><br>1. Sino-sino sa mga nabanggit ang maaaring pinagmanahan ninyo ng mga katangian ng iba't ibang bahagi ng inyong katawan?<br>2. Mayroon bang kaparehas si tatay, nanay o iba pa bukod sa nabanggit mo?<br>3. Masaya ba kayo na malaman na kahawig kayo ng inyong mga kapamilya? Bakit?<br><br>**Tandaan**: Maglaan ng inklusibong pananaw at pamprosesong tanong lalo na kapag may mga mag- aaral na *adopted* o pinalaki sa mga di-tradisyunal na *set- up* para sa inklusibong edukasyon. | Maganda/Gwapo ako<br><br>sabi ng __________ ko.<br><br>**Mga tanong:**<br><br>1. Mula sa binasa mo, ikaw ay isang batang ___________.<br>2. Ano ang Pilipinas?<br>3. Ano ang kulay ng buhok mo? Mayroon bang ibang kulay ng buhok sa mga kaklase mo?<br>4. Bilang isang Pilipino, masaya ka ba sa taglay mong katangiang pisikal? Bakit? |


| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagpapaunlad*<br><br>*ng Kaalaman at*<br><br>*Kasanayan*<br><br>*sa Mahahalagang*<br><br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | **Ituro Mo!**<br><br>A. Papangalanan ko ang iba't ibang bahagi ng katawan at ituturo ninyo ang mga ito. (ulo, paa, ilong, mata, siko, daliri, at iba pa)<br><br>Nasaan ang inyong ulo? paa? (dalawang bahagi lang ang sasabihin)<br><br>B. Ngayon naman, ang bawat isa sa inyo ay magbibigay ng isang bahagi ng katawan at ituturo ito ng inyong kamag-aral.<br><br>Ano pa ang ibang mga bahagi ng katawan? (dalawang bahagi ng katawan lang ang sasabihin)<br><br>C. Magbigay ng katangian ng katawan. Ayon sa ibinigay na katangian, ituturo o sasabihin ng mga mag-aaral ang bahagi ng katawan. | **Red Flag/Green Flag!**<br><br>Pagkatapos ng gawain, papilahin ang mga mag-aaral sa gitna. Maglagay ng *red* at *green* flaglet sa harap.<br><br>Lulundag kayo papunta sa *green flag* kung sang- ayon kayo sa sasabihin ko. Lulundag naman kayo papunta sa *red flag* kapag hindi kayo sang- ayon.<br><br>Bago magsimula, maging maingat sa paglundag upang hindi madulas sa sahig o mabunggo sa mga kaklase.<br><br>Magsimula na tayo.<br><br>1. Mas maraming mata at kamay ang kaklase mo.<br>2. Ginagamit ninyong pandinig ang inyong tainga.<br>3. Ang mata ang gamit ninyo sa pang-amoy.<br>4. Magkaiba kayo ng hugis ng mata. | **Mana Ako!**<br><br>Maglalaro tayo. Pumunta sa hanay kung kanino kayo mas nahahawig: sa Tatay, sa Nanay, o sa Ibang Kapamilya. Pagbilang ko ng tatlo, dapat nakahanay na kayo!<br><br>Hanay 1: Tatay<br><br>Hanay 2: Nanay<br><br>Hanay 3: Ibang Kapamilya<br><br><br>Halimbawa:<br><br>Ang (bahagi ng katawan) ay kay _______________?<br><br><br>Mga bahagi ng katawan: Buhok<br><br>Ilong<br><br>Mata<br><br>Bibig<br><br>Balikat<br><br>Kulay<br><br>Ari (CSE Integration) Paa<br><br>Daliri | **Ako ay Batang Pilipino!**<br><br>Bigyan ang mga mag-aaral ng template na paper doll (babae o lalaki). Inaasahan na maiguguhit at makukulayan nila ang sariling katangiang pisikal gamit ang krayola, colored papers, gunting, at pandikit.<br><br>**Panuto:**<br><br>1. Iguhit ang sariling hugis ng mukha.<br>2. Iguhit ang buhok, mata, ilong, bibig, at tainga ayon sa sariling katangian.<br>3. Kulayan ang paper doll ayon sa kulay ng balat.<br>4. Bihisan ang paper doll gamit ang ginupit na colored paper.<br><br>*Sample ng template*<br><br>Babae Lalaki<br><br>  |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Mga Tanong:**<br>1. Ano ang tawag sa bahagi ng mukha na matangos o pango? (ilong)<br>2. Ano ang bahagi ng ulo na kulay itim na minsan ay unat at minsan ay kulot? (buhok)<br>3. Ano ang tawag sa kulay kayumanggi o kulay maputi na bumabalot sa katawan mo? (balat) | 5. Masaya kayong malaman na may pagkakapareho kayo ng kaklase ninyo.<br>6. Masaya kayong malaman na may pagkakaiba kayo ng kaklase ninyo.<br>7. Ipinagmamalaki mo ang iyong katangiang pisikal. | **Itanong pagkatapos:**<br>1. Ano ang naramdaman ninyo sa ating naging gawain?<br>2. Magkakahawig ba ang katangiang pisikal ng mga kasama ninyo sa bahay?<br>3. Masasabi ba ninyong natatangi ang mga kasama ninyo sa bahay? Ikaw ba ay natatangi?<br>4. Dahil ang bawat isa sa inyo ay natatangi, paano ninyo maipakikita ang pagpapahalaga sa inyong mga katangiang pisikal? | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang*<br>*Pag-unawa/Susing Ideya* | **Mga Tanong:**<br>1. Lahat ba ng mga nabanggit na bahagi ng katawan ay nasa ating lahat?<br>2. Sino ang may bilog na mata?<br>3. Kanino ka magpapasalamat para sa mga bahagi ng iyong katawan? | **Mga Tanong:**<br>1. Sino ang lumundag sa *green flaglet*? Bakit?<br>2. Nahirapan ba kayo sa pagpili?<br>3. Gusto ba ninyong magkakapareho kayo ng katangiang pisikal?<br>Ang mga bahagi ng katawan ay may iba't ibang gamit. Bawat tao ay may iba't ibang katangiang pisikal. | **Manood tayo!** (2mins)<br>Pampapanood ng bidyong tungkol sa isang bata na naging masaya matapos mabago ang pagtingin sa kaniyang sariling katangiang pisikal.<br>**Mga Tanong:**<br>1. Ano-ano ang mga nakita ninyo sa inyong pinanood?<br>2. Bakit noong una ay malungkot ang batang nanalamin? | **Magkuwentuhan tayo!**<br>TPS (Think-Pair-Share)<br>Pagkatapos ng gawain, bigyan ng limang minuto na magpalitan ang mga mag-aaral ng kanilang *paper dolls* at pag-uusapan nila ang nagawang *dolls*.<br>**Mga tanong:**<br>1. Ano ang masasabi mo sa iyong ginawang paper doll?<br>2. Naipakikita ba ng inyong ginawa ang inyong katangian? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **Tandaan**: Maaaring magkakaiba ng sagot ang mga mag-aaral. Mahalagang may pagtanggap sa kanilang sariling katangian at pagpapasalamat sa Maykapal. | Pahalagahan natin ito at ipagmalaki. | 3. Kailan siya sumaya? Paano?<br>4. Importante ba na alam natin ang kahalagahan ng ating sariling katangian? Bakit?<br><br>Ang mga pisikal na katangian ng isang bata ay namamana niya sa kaniyang mga magulang o mga malapit na kamag-anak. Ito ay nagpapakita ng kaniyang pinagmulan na siyang nagbibigay ng natatanging hulma niya bilang isang bata o indibidwal.<br><br>Pero kung hindi mo alam ang iyong pinagmulan, walang problema, (huwag mag-alala) dahil sa iisang Manlilikha naman tayong lahat nagmula, at may nagmamahal sa iyo.<br><br>Dapat maipagmalaki ang iyong pinagmulan at pasalamatan ang Tagapaglikha sa katangiang Kaniyang ibinigay sa bawat isa sa atin, lalo na sa pagmamahal Niya para sa ating lahat na Kaniyang nilikha. | **Tandaan:** Kapag may mga hindi karaniwan ang kulay ng balat, buhok, ilong o ano pa mang kakaiba sa mga bata, kailangang ipaliwanag na tanggapin at igalang ng bawat isa. Kapag mayroon namang hindi Pilipino, sabihin pa ring kahit sila ay kakaiba sa grupo, sila pa rin ay mahalaga at kabahagi sa klase. Ang pagtanggap sa sarili at kaklase ay mahalaga. |

| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Paglalapat at Paglalahat* | **Lapatan Mo!**<br>**Panuto:** Tumawag ng mag-aaral para sa iba't ibang bahagi ng katawan. Gamitin ang *template* na nasa ibaba at itanong ito: Paano mo ilalarawan ang iyong sarili?<br><br>Bata A: Ako ay si ________. Ang aking mata ay hugis_______ at kulay ________.<br>Bata B: Ako ay si ________. Ang aking ilong ay hugis .<br><br>**Tandaan**: Palitan ang mga mag-aaral na magsasalita at mga bahagi ng katawan. Ang bilang ng mag-aaral na tatawagin ay depende sa abot ng oras ng aralin.<br><br>Kung ang iyong buhok ay iba sa mga kaklase mo, ano ang mararamdaman mo?<br><br>Dapat na mahalin ang sariling katawan at maging masaya sa<br>hitsurang ibinigay ng Manlilikha. | **Lapatan mo!**<br>Ipagawa/Ipasabi sa mga mag-aaral:<br><br>Ako si _______.<br>Magkapareho kami ni ________ ng __________ pero magkaiba kami ng ________. | **Lapatan mo!**<br>Bilang kabahagi ng iyong pamilya, paano mo ipagmamalaki ang iyong katangiang pisikal?<br><br>Ako ay si ___________. Ang nanay ko ay si __________, at ang tatay ko ay si ____________. Namana ko ang mukha ko kay _. Kakulay ng balat ko ang ______ ko.<br>Masaya ako na sila ang pinagmulan ko. Salamat sa Panginoon! | **Lapatan mo!**<br>Panuto: Tumawag ng mag- aaral at hayaang buoin nila ang tula. Babasahin muna ng guro at sasabihin ng mag-aaral ang sagot niya sa patlang. Ipabasa naman sa mag-aaral na marunong nang bumasa.<br><br>Ako ay si ____________. May _______ akong buhok, ang mata ko ay ____________ at ang ilong ko ay ________________. Kulay ___________ ang balat ko. Ang<br>mga magulang ko ay mga Pilipino. Masaya akong maging batang Pilipino.<br><br>**Tandaan**:<br><br>Para sa interracial, maaaring sabihin ang aktwal na pagkamamamayan ng mag- aaral. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Masdan ang mga larawan. Paano mo mailalarawan ang iyong pisikal na anyo? Piliin ang angkop na larawan at bilugan ito.<br><br><br>**Tandaan**: Opsiyonal ang pagtataya na ito. Hindi kinakailangang may pagtataya araw-araw. | Iguhit ang masayang mukha kung ang pangungusap ay tama at malungkot na mukha kung mali.<br>_____1. Lahat ng mga Pilipino ay matatangkad.<br>_____2. Iba-iba ang kulay ng balat natin.<br>_____3. May mga Pilipino na kulot ang buhok.<br>_____4. Matangos ang ilong natin.<br>______5. Kulay kayumanggi ang ating balat.<br><br>**Tandaan:** Opsiyonal ang pagtataya na ito. Hindi kinakailangang may pagtataya araw-araw. | Lagyan ng masayang mukha kung masaya ka sa pangungusap at malungkot na mukha kung hindi ka masaya.<br>1. Magkakulay ng balat si Ana at ang nanay niya.<br>2. Si Lola Maria ang kahugis ng mukha ni Joash.<br>3. Ikaw lang ang singkit ang mata sa pamilya ninyo.<br>4. Kulot ang buhok ni Clea at unat ang buhok ng lahat ng kaniyang mga kapatid.<br>5. Si Joel ay mas matangkad kaysa kay kuya Dion niya.<br>**Tandaan**: Maaaring opsiyonal ang pagtataya. Ang mga sagot sa pagtataya ay lahat masayang mukha. Iproseso ng guro kung may malungkot na mukha na sinagot para doon sa hindi magkapareha. Kailangang *maipromote* ang *body positivity* at ang pagmamahal sa sarili. | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | **Ako Ito, Mahal Ko Sarili Ko!**<br><br>Iguhit ang sarili ayon sa kulay ng balat, hugis ng mukha, tangos ng ilong, laki ng tainga, hugis ng mata, at haba ng buhok.<br><br>**Tandaan:** Para ito sa mga mag-aaral na hindi gaanong nakasunod sa aralin. Opsiyonal ito para sa mga mag-aaral na lubos na nakaunawa ng aralin. | **Balikan mo!**<br><br>Pagkauwi ninyo sa bahay, tingnan mong maigi ang mga katangiang pisikal ng kapamilya, lalo na sa mga pisikal na katangian ng tatay, nanay, at mga kapatid mo. Pansinin ang pagkakaiba at pagkakatulad ninyong magkakapamilya. | **Balikan Mo!**<br><br>Pagkauwi mo, tignan ang mga kapitbahay, larawan, o manood ng telebisyon.<br>Pansinin ang mga katangian ng ibang tao. Hanapin ang pagkakatulad mo sa kanila at pagkakaiba mo rin sa ibang tao. Ikuwento mo ito sa klase bukas. | **Kulayan mo!**<br><br>Bigyan ang mga mag-aaral ng kukulayang larawan. Ang iba't ibang larawan ay nagpapakita ng mga batang iba't iba ang haba/uri ng buhok, ilong, mata, at iba pa.<br><br> |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |

Inihanda ni: Nirebyu ni: Pinagtibay ni:

__________________________ __________________________ __________________________

Guro | Master Teacher / Head Teacher | School Head